

Featured Essay

## Pilosopiyang Analitiko: Impluwensya at Kasaysayan

---

*Napoleon M. Mabaquiao, Jr.*

**Abstract:** Analytic philosophy is currently one of the leading philosophical traditions in the world. Its contributions to the flourishing of philosophical studies and development of the discipline of philosophy as a whole are comprehensive and profound. Nonetheless, the lack of a proper understanding of its true nature is still noticeable. For instance, it is sometimes understood as merely referring to a purely intellectual activity where concepts, arguments, and meanings of words are technically and meticulously analyzed without any clear direction. As a result, one fails to see its real beauty and value and to take advantage of its insights and skills. This essay aims to address this lack in two steps. First, it will identify and examine the influences of analytic philosophy inside and outside of the discipline of philosophy in order to show its value. Second, it will trace the history of analytic philosophy in order to clarify its goals and motivations.

**Keywords:** pilosopiyang analitiko, analitikong pilosopiya, pamimilosopiya sa wikang Filipino, analytic philosophy

### Panimula

Ang *pilosopiyang analitiko* (na tatawagin na lamang nating “PA”), sa pananaw ng mga karamihan sa mga dalubhasa sa kasaysayan nito tulad nina Stephen Schwartz,<sup>1</sup> Hans-Johann Glock,<sup>2</sup> at Michael Beaney,<sup>3</sup> ay ang dominanteng tradisyong pampilosopiko sa mundo sa

---

<sup>1</sup> Stephen Schwartz, *A Brief History of Analytic Philosophy: From Russell to Rawls* (Oxford: Wiley-Blackwell, 2012), 1-2.

<sup>2</sup> Hans-Johann Glock, *What is Analytic Philosophy?* (Cambridge: Cambridge University Press, 2008), 1-2.

<sup>3</sup> Michael Beaney, “What is Analytic Philosophy?” in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy*, ed. by Michael Beaney (Oxford: Oxford University Press, 2013), 3-29.

kasalukuyan. Pahayag, halimbawa, ni Schwartz: “*Analytic philosophy begins in the first years of the twentieth century and is the dominant tradition in philosophy today.*”<sup>4</sup> Ito ay maaaring pagtalunan, subalit hindi mapagkakaila na ang PA ay isa sa mga pangunahing tradisyong pampilosopiko na kinikilala sa buong mundo sa kasalukuyan. Malawak at malalim ang mga naging ambag nito sa pagyabong ng mga pampilosopikong pag-aaral at sa pag-unlad ng disiplina ng pilosopiya sa pangkalahatan. Gayunpaman, kapansin-pansin pa rin ang kakulangan sa maayos na pag-unawa sa totoong kalikasan nito. Ito, halimbawa, ay kung minsan tinitingnan bilang isa lamang gawaing pang-intelektwal kung saan teknikal at madetalyeng sinusuri ang mga konsepto, argumento, at kahulugan ng mga salita na di-malinaw ang patutunguhan. Dahil dito, hindi nakikita ang totoong kagandahan at kahalagahan ng pilosopiyang ito, at di-lubusang napakikinabangan ang mga pananaw at kasanayan nito.

Ang pangunahing layunin ng sanaysay na ito ay ang maka-ambag sa paglinang ng maayos na pag-unawa sa PA, o ang mailagay ang pag-unawa sa PA sa tamang perspektibo.<sup>5</sup> Ito ay gagawin sa dalawang hakbang na tatalakayin sa dalawang bahaging bumubuo sa sanaysay na ito. Sa unang bahagi, ipapakita ang kahalagahan ng PA sa pamamagitan ng pagtukoy at pagsiyasat sa mga naging impluwensya ng PA sa loob at labas ng disiplina ng pilosopiya. Sa ikalawang bahagi, lilinawin ang mga layunin at motibasyon ng PA sa pamamagitan ng pagbakas sa kasaysayan nito.

## I. Lawak at Lalim ng Impluwensya ng PA

Ang impluwensya ng PA sa loob ng disiplina ng pilosopiya ay masisiyasat sa *aspetong pangheograpiko* at *aspetong pangkaisipan*. Ang aspetong pangheograpiko ay tumutukoy sa lugar ng kaganapan ng impluwensya ng PA, na kinabibilangan ng mga departamento ng pilosopiya kung saan PA ang pangunahing oryentasyong pampilosopiko, at ng mga samahang pang-akademiko na nagsusulong sa PA. Ang aspetong pangkaisipan, sa kabilang banda, ay tumutukoy sa impluwensya ng PA sa mga usapin sa pilosopiya, na makikita sa mga sangay ng pilosopiya at mga temang pilosopiko kung saan PA ang pangunahing oryentasyong pampilosopiko.

---

<sup>4</sup> Schwartz, *A Brief History of Analytic Philosophy*, 2.

<sup>5</sup> Walang layunin ang sanaysay na ito na ipakitang mas mahusay ang PA kaysa sa mga ibang tradisyong pampilosopiko.

## Heograpiya at Impluwensya ng PA

Madaling matutukoy ang impluwensya ng PA sa mga departamento ng pilosopiya sa mga pangunahing pamantasan kung saan yumabong (at patuloy na yumayabong) ang mga kaisipan at metodolohiya ng PA. Pangunahin sa mga kabilang dito ay ang mga nangungunang pamantasan sa mga bansang Inglatera, Amerika, at Australia<sup>6</sup>—lalu na doon sa mga pamantasan kung saan nagturo ang mga unang nagsulong ng PA at (nagtuturo) ang mga maimpluwensyang pilosopong analitiko. Sa kalaunan, ang impluwensya ng PA ay lumaganap din sa mga iba pang bansa at naging pangunahing oryentasyong pampilosopiko ng mga departamento ng pilosopiya ng mga ilang pamantasan sa mga bansang ito. Kabilang dito ang mga ilang bansa sa Europeo tulad ng Alemanya at Pransya—kung saan malakas din ang impluwensya ng *pilosopiyang kontinental*. Ika nga ni Schwartz: “*Interest and participation in analytic philosophy has increased dramatically in Continental Europe and Scandinavia the past few decades.*”<sup>7</sup> Ang impluwensya ng PA ay lumalakas na rin sa Asya tulad ng mga bansang Singapore, Hapon, Hong Kong, at Tsina.<sup>8</sup>

Ang isa pang konkretong tanda ng malawak na impluwensya ng PA ay ang pagdami ng mga pang-akademikong samahan o asosasyon na nagsusulong sa pilosopiyang ito.<sup>9</sup> Ang ilan sa mga ito, na tinukoy ni Beaney, ay ang mga sumusunod:

*In Europe there are societies for analytic philosophy in Austria (WFAP, founded 2009), Croatia (CSAP, founded 2001), France (SoPhA, founded 1993), Germany (GAP, founded 1990, with around 900 members, claiming to be one of the biggest philosophical societies in Europe), Italy (SIFA, founded 1992, with over 400 members), the Netherlands (and Flemish-speaking Belgium; VAF, founded 2006), Portugal (SPFA, founded 2004), Romania (SRFA, founded 2007), Slovenia (DAF, founded 1991), and Spain (SEFA, founded 1995, with some 100 members) ... European Society for*

<sup>6</sup> Nariyan, halimbawa, ang Oxford University at Cambridge University sa Inglatera; New York University, Harvard University, at UCLA-Berkeley sa Amerika; at Australian National University sa Australia, bukod sa mga iba pa.

<sup>7</sup> Schwartz, *A Brief History of Analytic Philosophy: From Russell to Rawls*, 4.

<sup>8</sup> Kasalukuyang malakas, halimbawa, ang PA sa mga departamento ng pilosopiya ng National University of Singapore, Hongkong University, Peking University, at Tokyo University. Dito sa ating bansa, unang isinusulong ang PA sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman. Sa kasalukuyan, ito ay isinusulong din, kasabay ng ibang mga tradisyong pampilosopiko, sa Pamantasang De La Salle sa Maynila.

<sup>9</sup> Tingnan ang Beaney, “What is Analytic Philosophy?” 7-12.

*Analytic Philosophy (ESAP, founded 1991)... Analytic philosophy has been strong in the Nordic countries since the early twentieth century ... Poland and Austria, too, boast a proud history of analytic philosophy ....*

*In Latin America, there are societies in Argentina (SADAF, founded 1972, with over 200 members), Brazil (SBFA, founded 2008, with over 50 members), Chile (SCFA, founded 2007, with some 20 members), and Peru (CESFIA, founded 2006), with Mexico hosting the Asociación Latinoamericana de Filosofía Analítica (ALFAn, founded 2006, with over 120 members)...*

*In Japan, analytic philosophy is promoted through such societies as the Association for Philosophy of Science and the Association for the Study of American Philosophy... In China, there is a Center for Analytical Philosophy (founded 2003) in the Institute of Foreign Philosophy at Peking University, as well as a Society for Analytic Philosophy (founded 2005) ....*

*There are also related societies such as the Institut Wiener Kreis (founded 1991), devoted to the study and further development of the work of the original Vienna Circle, the History of Early Analytic Philosophy Society (HEAPS, founded 2003, with over 60 members), and the Society for the Study of the History of Analytical Philosophy (SSHAP, founded 2009) ... Bertrand Russell Society (BRS, founded 1974, with some 100 members) and Austrian Ludwig Wittgenstein Society (ALWS, founded 1974, with around 120 members), and the newer British Ludwig Wittgenstein Society (BWS, founded 2007, with over 300 members), Internationale Ludwig Wittgenstein Gesellschaft (formerly the Deutsche Ludwig Wittgenstein Gesellschaft, founded 1994, becoming the ILWG in 2006), Nordic Network for Wittgenstein Research (NNWR, founded 2006, with over 110 members), and North American Wittgenstein Society (NAWS, founded 2000).<sup>10</sup>*

---

<sup>10</sup> Tingnan ang footnote no. 2 sa Beaney, "What is Analytic Pilosophy?" 4.

## Impluwensya ng PA sa mga Usaping Pilosopiko

Ang impluwensya ng PA ay makikita sa karamihan, kung hindi man sa lahat, ng mga sangay ng pilosopiya at sa maraming tema ng usaping pampilosopiko.<sup>11</sup>

### 1. Mga sangay ng pilosopiya kung saan dominante ang PA

Sa mga sangay ng pilosopiya kung saan dominante ang PA, maihahanay ang pilosopiya ng wika, pilosopiya ng isip (o kamalayan), lohika, pilosopiya ng agham, pilosopiya ng batas, pilosopiya ng matematika, at pilosopiya ng kilos.

Ang pilosopikong pagsusuri sa wika o sa mga kahulugan ng mga salita ay ginagawa na bago pa man umusbong ang PA. Si Plato, halimbawa, ay nauna nang namilosopiya tungkol sa wika sa mga ilan niyang *Diyalogo*. Ito rin ay ginagawa sa mga ibang tradisyong pampilosopiko, tulad ng hermeyutika at postmodernismo. Subalit, ang katawagang “pilosopiya ng wika” ay eksklusibong ginagamit para tumukoy sa mga pamimilosopiya sa wika ng mga pilosopong analitiko,<sup>12</sup> na pinangunahan nina Frege, Russell, Moore, Wittgenstein, at Austin, at sinundan nina Carnap, Searle, Grice, Kripke, Quine, Putnam, Donnellan, Chomsky, at iba pa. Gayun din sa pilosopiya ng isip. May mga namilosopiya na sa kalikasan ng isip ng tao bago pa man umusbong ang PA; at may namimilosopiya rin tungkol dito sa mga ibang tradisyong pampilosopiko. Subalit, ang pamimilosopiya sa isip bilang pangunahing gawain sa isang partikular na sangay ng pilosopiya (ang *philosophy of mind*) ay ang pamimilosopiya sa isip na ginawa o ginagawa ng mga pilosopong analitiko tulad nina Smart, Ryle, Putnam, Turing, Lewis, Searle, Fodor, Dennett, Chalmers, Nagel, Jackson, at napakarami pang iba.<sup>13</sup>

<sup>11</sup> Beaney, “What is Analytic Philosophy?” 7-12.

<sup>12</sup> Michael Wolf, “Philosophy of Language,” *Internet Encyclopedia of Philosophy*, <<https://www.iep.utm.edu/lang-phi/>>. Tingnan, halimbawa, ang mga nilalaman ng mga sumusunod na aklat tungkol sa pilosopiya ng wika: Alex Miller, *Philosophy of Language* (New York: Routledge, 2007); Scott Soames, *Philosophy of Language*. (Princeton: Princeton University Press, 2010).

<sup>13</sup> Makakakita rin ang PA bilang pamamaraan ng pamimilosopiya sa mga artikulong nakatala sa *MindPapers – A Bibliography of the Philosophy of Mind and the Science of Consciousness*. Sa kasalukuyan, ang mga artikulo sa *MindPapers* ay kabilang na sa mas pinalawak na *PhilPapers* (tingnan sa categoryang *Philosophy of Mind*). Ito ay bunga rin ng pagsisikap nina David Bourget at David Chalmers na mas palawakin pa ang sakop ng *MindPapers* lampas sa categoryang *Philosophy of Mind*. Mula noon ay naglayon itong maging isang “comprehensive index of the research literature in philosophy.” Para sa maikling kasaysayan mula *MindPapers* patungong *PhilPapers* tingnan ang “About PhilPapers,” in *PhilPapers*, <<https://philpapers.org/help/about.html>>.

Kalimitang inuuri ang lohika sa dalawang yugto ng pag-unlad nito: ang lohika ni Aristotle at ang modernong (simbolikong o matematikong) lohika. Ang modernong lohika ay bunga ng mga pag-aaral at pagsusuring ginawa sa lohika, kaugnay ng pilosopiya ng matematika, ng mga pilosopong analitiko na kinabibilangan nina Frege, Russell (at Whitehead), Wittgenstein, Quine, Carnap, at Copi. Bagamat tinuturo pa rin ang lohika ni Aristotle, lalu na sa mga seminaryo, dumagsa ang pagtuturo ng modernong lohika dahil ito, bukod sa bahagi ng mga pag-aaral sa matematika (sa *set theory*), ay ang pundasyon ng mga “wika” ng kompyuter. Kaya, ang nag-aaral ng modernong lohika ngayon ay hindi na lamang mga mag-aaral ng pilosopiya kundi mga mag-aaral din ng matematika at kompyuter<sup>14</sup>— isang konkretong patunay din sa impluwensya ng PA sa labas ng disiplina ng pilosopiya.

Ang mga pananaliksik sa pilosopiya ng agham at pilosopiya ng matematika ay hindi nakapagtata kang pinangunguhan ng mga pilosopong analitiko dahil sa malapit na kaugnayan ng PA sa mga disiplina ng ito. Sa pilosopiya ng agham, naririyang ang mga analitikong pilosopo tulad ng mga *logical positivists* (Schlick, Carnap, Reichenbach, Hans Hahn, at iba pa), Hempel, Popper, Feyerabend, Lakatos, at Kuhn, bukod sa mga iba pa. Sa pilosopiya ng matematika naman, naririyang sina Frege, Russell, Wittgenstein, Turing, Gödel, Putnam, Quine, at marami pang iba. Ang pilosopiya ng batas at pilosopiya ng kilos ay analitiko rin ang pangunahing pilosopiyang oryentasyon. Ang mga pangunahing posisyong nagtutunggali sa mga usapin dito ay mga pananaw ng mga pilosopong analitiko. Sa pilosopiya ng batas (*philosophy of law*), naririyang ang mga pananaw nina Austin, Raz, Dworkin, at Hart, bukod sa mga iba pa.<sup>15</sup> At sa pilosopiya ng kilos (*philosophy of action*), naririyang naman ang mga pananaw nina Anscombe, Davidson, Searle, Chisolm, Frankfurt, Dancy, Goldman, at iba pa.<sup>16</sup>

## 2. Mga usaping pilosopiko kung saan dominante ang PA

Bagamat hindi PA ang pangkalahatang oryentasyong pampilosopiko sa mga ilang sangay ng pilosopiya, ang mga ito naman ay tumatalakay sa mga tema na PA ang pangunahing pamamaraan ng pamimilosopiya. Sa partikular, ang mga pangunahing nagtutunggaling pananaw sa mga temang ito ay isinulong ng mga pilosopikong analitiko. Sa larangan ng metaetika,

<sup>14</sup> Tingnan ang sanaysay ni Erick Reck, “Developments in Logic: Carnap, Gödel, and Tarski,” in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy*, 546-571.

<sup>15</sup> Tingnan ang sanaysay nina Andrei Marmor and Alexander Sarch, “The Nature of Law,” *Stanford Encyclopedia of Philosophy* (7 August 2015), ed. by Edward N. Zalta, <<https://plato.stanford.edu/entries/lawphil-nature/>>.

<sup>16</sup> Tingnan ang aklat nina Jonathan Dancy at Constantine Sandis, eds., *Philosophy of Action: An Anthology* (Oxford: Wiley-Blackwell, 2015).

naririyang ang mga pananaw ng *emotivism* ni Ayer at Stevenson, *intuitionism* ni Moore, *error theory* ni Mackie, at *prescriptivism* ni Hare, bukod sa mga iba.<sup>17</sup> Sa larangan ng normatibong etika, naririyang ang mga ilang modernong bersyon ng birtudismo (*virtue ethics*) na isinulong ng mga pilosopong analitiko tulad ni Anscombe, Foot, at MacIntyre. Naririyang din ang mga modernong pananaw sa tema ng utilitarianismo na isinulong ng mga analitikong pilosopo, tulad ng *act utilitarianism* ni Smart, *rule utilitarianism* ni Brandt, *ideal utilitarianism* ni Moore, at *preference utilitarianism* ni Hare at Singer. Naririyang din ang mga modernong bersyon ng deontolohiya tulad ng prinsipyo ng *side constraints* ni Nozick at *contractarianism* ni Rawls. At naririyang din ang malakas na impluwensya ng mga pilosopikong analitiko sa iba't ibang larangan ng praktikong etika (*practical/applied ethics*): sa etikang pangnegosyo, naririyang ang malakas na impluwensya ni Velasquez, Petit, De George, French, at iba pa; at sa bioetika at etikang pangkapaligiran, naririyang ang malakas na impluwensya ni Singer. Ang larangan ng etikang pangkompyuter at pangmakina ay dinodimana ng mga pilosopong analitiko<sup>18</sup> dahil ito ay natural na ekstensyon ng mga usapin sa posibilidad ng talinong artipisyal (sa pilosopiya ng isip) na dinodomina ng mga pilosopikong analitiko.

Sa larangan ng modernong epistemolohiya, naririyang ang usapin, bukod sa mga iba pa, sa mga kondisyon ng kaalaman na pinsasigla ni Gettier nang sinuri at pinakita niya ang kahinaan ng nakagawiang pag-unawa sa kalikasan ng kaalaman bilang napatunayang totoong paniniwala. Sa larangan ng pilosopiyang panlipuna't pampulitika, naririyang ang usapin tungkol sa katarungang pangdistribusyon (*distributive justice*) na pinangunahan ng mga pilosopong analitiko tulad ni Rawls, Feinberg, Nozick, Dworkin, at Sen.<sup>19</sup> Sa larangan ng modernong metapisika, naririyang ang mga usapin tungkol sa pansariling identidad (*personal identity*) na pinangungunahan ni Parfit, Shoemaker, Chisholm, at David Lewis, bukod sa mga iba pa; sa meta-metapisika na pinangungunahan ni Carnap, Chalmers, Armstrong, Sider, at iba pa; at sa mga posibleng mundo (*possible worlds*) na pinangungunahan ni Lewis, Carnap, Hintikka, at iba pa.<sup>20</sup> Ang pilosopiya ng relihiyon ay may mga tema rin kung saan mga pilosopong analitiko ang mga nangunguna sa mga pagsusuri. Naririyang, halimbawa, ang mga pagsusuring ginawa ni Wisdom, Mackie, Plantinga, at Philips, sa pag-

<sup>17</sup> Tingnan ang sanaysay ni Jonathan Dancy, "Metaethics in the Twentieth Century," in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy*, 729-749.

<sup>18</sup> Tingnan, halimbawa, ang Michael Anderson and Susan Leigh Anderson, *Machine Ethics* (Cambridge: Cambridge University Press, 2011).

<sup>19</sup> Tingnan ang sanaysay ni Jonathan Wolff, "Analytic Political Philosophy," in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy*, 795-822.

<sup>20</sup> Tingnan ang sanaysay ni Peter Simons, "Metaphysics in Analytic Philosophy," in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy*, 709-728.

iral ng Diyos, suliranin sa kasamaan, at pagkamakahulugan ng wikang pangrelihiyon. Makikita rin ang mga pag-aaral at pagsusuri ng mga pilosopong analitiko sa larangan ng estetika.<sup>21</sup>

### Impluwensya ng PA sa labas ng Pilosopiya

Ang impluwensya ng PA ay umaabot din sa labas ng disiplina ng pilosopiya. Ito ay makikita sa mga ilang ibang disiplina kung saan may mahahalagang kontribusyon ang PA o ang mga ilang pilosopong analitiko sa partikular. Makikita, halimbawa, sa disiplina ng linggwistiks ang impluwensya ng mga teorya ng kahulugan nina Austin at Searle (ang kanilang *speech act theory*) at Chomksy (teorya na *generative grammar*). Makikita sa disiplina ng agham pangkompyuter (*computer science*) ang mahalagang gamit ng simbolikong lohika at ang mga pampundasyong kaisipang inilatag ni Turing (ang tinaguriang ama ng agham na ito) para sa direksyon ng pananaliksik sa agham na ito—at ang sangay nito na agham ng talinong pangmakina (*artificial intelligence*). Sa disiplina ng matematika, naririyang ang mga mahahalagang ambag ng mga pilosopong analitiko: bukod sa mga iba pa, ang simbolikong lohika, ang *set theory* ni Russell, ang *incompleteness theorem* ni Gödel, ang *Church-Turing thesis* nina Church at Turing, ang mga teorya sa probabilidad nina Ramsey, Carnap, Hajek, at iba pa, at ang kontribusyon ni Putnam sa solusyon ng problema tungkol sa *Diophantine equations*. Sa disiplina ng ekonomiks, naririyang ang teorya ng *bounded rationality* ni Simon at ang kanyang kontribusyon sa *game theory*—siya rin (kasama si Newell) ay binigyan ng parangal sa larangan ng *artificial intelligence* para sa kanilang mga ginawang “*logic program*.” Ang premyadong ekonomistang si Keynes, na naging mag-aaral ni Whitehead gaya ni Russell, ay naimpluwensyahan din ng kanyang mga kasama sa Pamantasan ng Cambridge na sina Russell, Ramsey, at Wittgenstein. Naririyang din ang mga kontribusyon ng *behaviorism* (bunga ng impluwensya ng mga *logical positivists* sa disiplina ng sikolohiya), *evolutionary psychology* (na isinulong ni Pinker), at *computationalism* (na isinulong nina Fodor, Pylyshyn, Smolensky, Simon, at iba pa) sa larangan ng sikolohiya.

Makikita rin ang impluwensya ng PA sa kaisipan ng premyadong pisista at matematiko na si Roger Penrose na pumasok na rin sa mga usapin sa pilosopiya ng isip. Ganun din ang naging impluwensya ng mga kaisipan ni Wittgenstein sa mga miyembro ng Vienna Circle (ang mga tinaguriang *logical positivists*), na mga dalubhasa sa mga iba’t ibang larangan ng kaalaman

---

<sup>21</sup> Tingnan ang sanaysay ni Peter Lamarque, “Analytic Aesthetics,” in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy*, 770-794. Tingnan din ang aklat na Peter Lamarque and Stein Haugom Olsen, eds., *Aesthetic and the Philosophy of Art: The Analytic Tradition: An Anthology* (Oxford: Wiley-Blackwell, 2003).



bago pumasok sa mundo ng pilosopiya: tulad ng pisistang sina Schlick (na naging estudyante ni Max Plank), Reichenbach, at Carnap, ang matematikong sina Hahn at Gödel, at ang sosyolohista at ekonomista na si Neurath (si Albert Einstein ay naiulat na dumalo rin sa mga ilang pagpupulong ng Vienna Circle).

## II. Pagbabakas sa Kasaysayan ng PA

Babakasin natin ang kasaysayan ng PA sa dalawang pamamaraan: una, sa aspekto ng mga katangiang karaniwang inuugnay sa PA; ikalawa, sa aspekto ng identidad ng PA bilang isang natatanging tradisyong pampilosopiko. Sa unang pamamaraan, makikita ang malalim na pagkakaugat ng PA sa kasaysayan ng pilosopiya; sa ikalawa, makikita naman ang mga bagong direksyon na binuksan ng PA para sa disiplina ng pilosopiya. Sa pamamagitan nito, malilina ang mga layunin at motibasyon ng PA at ang natatanging identidad nito bilang isang uri ng pilosopiya. Ika nga ni Beaney: *“In the end, the only way to answer the question ‘What is analytic philosophy?’ is to provide a history of the analytic tradition.”*<sup>22</sup>

### Pag-uugat sa mga Katangian ng PA

Sa mga katangiang karaniwang inuugnay sa PA, anim ang katangiang: (1) may malapit na kaugnayan sa agham at matematika; (2) binibigyang-halaga ang malinaw na paggamit ng mga salita; (3) mahilig magkategorya ng mga konsepto; (4) ma-argumento ang pamamaraan ng pamimilosopiya; at (5) malimit gumamit ng mga eksperimentong pang-isip.

May tatlong dahilan kung bakit sinasabing may malapit na kaugnayan ang PA sa agham. Una, dahil siyentipiko ang pamamaraan ng pagsusuring ginagawa sa pilosopiyang ito; at ito, sa partikular, ay tumutukoy sa pamamaraang lohikal na pangangatwiran. Ikalawa, dahil sa isa sa mga pangunahing sinusuri ng PA ay ang mga pundasyon ng mga agham. At ikatlo, dahil ang metapisikang isinusulong nito ay yaong naaayon sa mga natutuklasang kaaalaman sa agham. Ang malapit na ugnayan ng PA sa agham ay mauugat sa nauna nang ugnayan ng pilosopiya sa agham. Hindi ba ang mga sinaunang pilosopong Griyego, ang mga tinatawag na mga *pre-Socratics*, ay itinuturing din na mga naunang mga siyentista? Hindi ba ang pilosopiya ay tinatawag kung minsan na *reyna ng mga agham (queen of the sciences)* bilang pagkilala na ito ang batis o pinagmulan ng iba’t ibang agham? At kaugnay nito, hindi rin ba na ang mga pagsusuri sa kalikasan ay unang tinawag na *pilosopiyang pangkalikasan (natural philosophy)*—kung kaya nga si

<sup>22</sup> Beaney, “What is Analytic Philosophy?” 21-29.

Newton, noong panahon niya, ay tinawag na isang *pilosopong pangkalikasan* (*natural philosopher*).

Ang isang dahilan kung bakit sinasabing may malapit na ugnayan ang PA sa matematika ay ang mga naunang mga pilosopong nagsulong ng PA ay unang naging abala sa pagsusuri ng pundasyon ng matematika (Frege, Russell, at Wittgenstein), na nagbigay-daan sa pag-usbong ng simbolikong lohika at pilosopiya ng wika.<sup>23</sup> Saan naman natin maiuugat ang ugnayang ito sa kasaysayan ng pilosopiya? Hindi ba ang mga tinaguriang “*rationalists*” sa modernong pilosopiya, na kinabibilangan nina Descartes, Leibniz, at Spinoza ay mga matematiko rin? Ang mga pilosopong ito, sa katunayan, ay sinubukang gamitin ang mga pamamaraan ng pangangatwiran sa matematika sa pamimilosopiya. Hindi ba ang *methodical doubt* ni Descartes ay hango sa pangangatwiran sa *heometrya*? Hindi ba si Leibniz ay isa sa mga itinuturing na ama ng *calculus* (ang isa pang ama ay si Newton)? At hindi ba ginamit din ni Spinoza ang *heometrya* sa kanyang pamimilosopiya tungkol sa etika at metapisika (sa katunayan, ang pamagat ng kanyang aklat ay *Ethics Geometrically Demonstrated*)? Sa panahon ng mga sinaunang Griyego, inilagay ni Plato ang matematika kasunod ng pilosopiya sa kanyang herarkiya ng mga disiplina. At hindi ba ang unang gumamit ng salitang “pilosopo” bilang *nagmamahal sa karunungan*, na si Pythagoras, ay tinatawag sa kasalukuyang panahon bilang isang matematiko?

Ang isa pang katangiang karaniwang inuugnay sa PA ay ang kahiligan nito sa pagpapalinaw sa mga kahulugan ng mga salita at pagsusuri ng mga argumento. Saan ba nagsimula ang mga kahiligang ito sa pilosopiya? Ang pagsusuri ng wika, kung paano nagkakaroon ng mga kahulugan ang mga salita, ay matagal nang ginagawa sa pilosopiya, at hindi unang ginawa sa PA. Matatandaang si Plato ay una nang may mga pagsusuring ginawa sa wika. Ayon nga kay Ryle (sa pagpapaliwanag ni Gaskin): “*Plato’s interests in his later dialogues, and in particular in the Parmenides, the Theaetetus, and the Sophist, coincided significantly with those of the founding fathers of modern analytic philosophy.*”<sup>24</sup> Ang mga pilosopong tulad nina Locke at Mill ay may mahahalaga ring kontribusyon dito. Ang kahulugan ng mga panlahatang salita (*general terms*) ay mainit na pinagtalunan ng mga ilang pilosopo noong panahong medyebal. At hindi rin mapagkakaila ang mga mahahalagang kaisipan tungkol sa wika mula sa mga pilosopo sa pilosopiyang Kontinental (tulad nina Saussure, Gadamer, at Derrida).

---

<sup>23</sup> Tingnan ang sanaysay ni Jamie Tappenden, “The Mathematical and Logical Background to Analytic Philosophy,” in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy*, 318-354.

<sup>24</sup> Richard Gaskin, “When Logical Atomism Met the Theaetetus: Ryle on Naming and Saying” sa *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy*, 851.

Karaniwang inuugnay sa PA ang kahiligang gumawa ng mga klasipikasyon, o ng mga kategorisasyon, ng mga konsepto. Ang mga pilosopong analitiko ba ang nauna sa ganitong pamimilosopiya? Hindi ba si Aristotle ang tinaguriang “*the great organizer*” sa kasaysayan ng pilosopiya? Ang paniwala ni Aristotle ay ang mundo ay may maayos na disenyo at nais niyang palabasin ito sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga klasipikasyon ng mga bagay-bagay. Ang ilan sa mga tanyag na klasipikasyon na kanyang ipinakilala ay ang mga uri ng sanhi, uri ng mga pamahalaan, uri ng literatura, uri ng kaluluwa, uri ng argumento, at ang mga biyolohikal na uri ng mga organismo.

Ang ma-argumentong pamamaraan ng pamimilosopiya naman ay malinaw na makikita na sa mga *Diyalogo* pa lamang ni Plato. Makikita sa mga ito na palaging nakikipagtalastasan si Socrates sa mga sopista para ipakita ang kamalian o kahinaan ng mga argumento ng mga sopista para sa kanilang mga palagay. Ito rin ay malinaw na makikita na sa mga sulatin ni Aquinas, lalung-lalo na sa kanyang *Summa Theologica*. Makikita dito ang matalas na pagsusuri ni Aquinas ng mga argumentong taliwas sa kanyang mga palagay at ang lohikal na pagkakalatag niya ng kanyang mga argumento para sa kanyang mga palagay.

Sinasabi rin na ang PA ay malimit na gumagamit ng mga argumentong nasa anyo ng eksperimentong pang-isip (ang tinatawag na *thought experiment*). Ang mga halimbawa ng ganitong argumento ay makikita sa pilosopiya ng isip, tulad ng mga tinatawag na *Turing test*, *Chinese room argument*, *Mary the neuroscientist*, *China brain argument*, *zombie argument*, at *inverted qualia argument*. Sa pilosopiya ng wika, naririyang halimbawa, ang *beetle argument* ni Wittgenstein. Ang paggamit ng ganitong pamamaraan ng pangangatwiran, subalit, ay hindi natatangi sa PA. Ito ay matagal nang ginagawa sa pilosopiya at ginagawa rin sa mga ibang tradisyong pilosopiko. Sa katanuyan, ito rin ay ginagawa sa agham, lalung-lalo na sa larangan ng pisika (ang isang halimbawa ay ang tinaguriang *Schrodinger’s cat* sa larangan ng *quantum mechanics*). Sa kasaysayan ng pilosopiya, ang mga ilang halimbawa ay ang mga sumusunod: ang mga kabalintunaan (*paradox*) ni Zeno, ang *allegory of the cave* ni Plato, ang tinatawag na *state of nature* ng mga social contractarians sa pilosopiyang panlipuna’t pampulitika, ang *original position* ni Rawls, at ang mito ni *Sisyphus* ni Camus.

Makikita natin na ang mga katangiang malimit na inuugnay sa PA ay malalim na nakaugat sa mga pananaw at pamamaraan ng pamimilosopiya na makikitang isinulong o ginamit na ng mga naunang pilosopo. Ang nagbibigay ng kakaibang identidad sa PA ay ang pagkakasama-sama ng mga katangiang ito sa isang pamamaraan. Kaunay nito, ating talakayin ang pananaw ni Føllesdal na ipinapalagay na ang PA ay tumutukoy lamang sa ma-argumentong pamamaraan ng pamimilosopiya kung kaya sinumang

pilosopo ang gumagamit ng ganitong pamamaraan ng pamimilosopiya ay isang pilosopong analitiko. Pahayag ni Føllesdal:

*One can be an analytic philosopher and also a phenomenologist, existentialist, hermeneuticist, Thomist, etc. Whether one is an analytic philosopher depends on what importance one ascribes to argument and justification. There are, for example, phenomenologists who are more analytic, and others who are less. In the same vein, we can classify philosophers from all eras of the subject's history. Thus, Thomas Aquinas is one of the most analytical Thomists. And Aristotle, Descartes, as well as a large number of other truly great philosophers are analytic philosophers.<sup>25</sup>*

Sa pagsasaalang-alang ng ganitong pananaw, maaari tayong gumawa ng pagkakaiba sa dalawang pakahulugan sa PA: ang *limitadong pakahulugan* at ang *komprehensibong pakahulugan*. Ang limitadong pakahulugan ay ang pakahulugang ipinapalagay ni Føllesdal, kung saan isang katangian lamang ang PA at wala itong natatanging identidad bilang isang tradisyong pampilosopiko. Ang komprehensibong pakahulugan naman, na siyang ating isinusulong, ay ipinapalagay na ang PA ay binubuo ng isang lupon ng mga katangian (kung saan isa lamang ang ma-argumentong pamamaraan ng pamimilosopiya) at may natatanging identidad ito bilang isang tradisyong pampilosopiko. Kung para kay Føllesdal, ang isang Thomist ay maaaring maging isang pilosopong analitiko; para sa atin ang isang Thomist ay maaaring magkaroon ng aspeto ng pagiging isang pilosopong analitiko— ganun din ang isang pilosopong analitiko na maaari ring *magkaroon* ng aspeto ng pagiging Thomist (tulad, halimbawa, nina Anscombe at Kenny, na mga pilosopong analitiko na mga Thomists din). Ngayon, ang kakaibang pagtaglay ng PA sa mga katangiang ito (halimbawa, ang kakaiba sa pagsusuri nito sa wika at pagkaka-ugnay nito sa agham at matematika) ay mas makikita sa mga kaganapang nagbigay-daan sa pag-usbong at pagyabong nito, na ating tatalakayin sa susunod.

### Ang PA bilang isang Tradisyong Pampilosopiko

Ang PA bilang isang tradisyong pampilosopiko ay nagsimula noong patapos na bahagi ng ika-19 na siglo o simulang bahagi ng ika-20 na siglo at nagpapatuloy sa kasalukuyang panahon. Ang pananalitang “analytic

---

<sup>25</sup> Dagfinn Føllesdal, “Analytic Philosophy: What It Is and Why Should One Engage in It?” in *The Rise of Analytic Philosophy*, ed. by Hans-Johann Glock (Oxford: Blackwell, 1999), 14.

*philosophy*” (o “*analytical philosophy*”) ay unang ginamit ni Collingwood sa kanyang aklat na pinamagatang *An Essay on Philosophical Method* noong 1933 para tumukoy sa isang natatanging tradisyong pampilosopiko.<sup>26</sup> Bagamat ang naturang pananalita ay unang ginamit para tukuyin ang pamamaraan ng pamimilosopiya sa Pamantasan ng Cambridge noong mga panahong iyon (na pinangungunahan nina Russell, Moore, at Wittgenstein), ito ay sa kalaunan tumukoy din sa pamamaraan ng pamimilosopiya ng mga *logical positivists*.<sup>27</sup> At ang unang aklat na gumamit ng pananalitang “*analytic philosophy*” bilang titulo ay si Arthur Pap sa kanyang aklat na pinamagatang *Elements of Analytic Philosophy* (1949).<sup>28</sup> Ito ay sinundan ng mga iba pang aklat, na bagamat hindi ginamit ang pananalitang “*analytic philosophy*” bilang pamagat ay ginamit ito bilang tumutukoy sa isang partikular na tradisyong pampilosopiko, tulad ng *Readings in Philosophical Analysis* (1949) nina Feigl at Sellars, *Philosophical Analysis* (1950) ni Black, *The Age of Analysis* (1955) ni White, at *Philosophical Analysis: Its Development between the Two World Wars* (1956) ni Urmson.<sup>29</sup>

Ang PA ay kung minsan tinatawag ding ‘pilosopiyang pang-Anglo-Amerikano’ dahil sa dalawang magkaugnay na dahilan. Una, ang *karamihan* (hindi lahat) sa mga tanyag na analitikong pilosopo ay mga mamamayan, o mga *naging* mamamayan, ng mga bansang Amerika at Britanya. Sina Russell at Moore ay mga mamamayan ng Britanya; si Wittgenstein ay tubong Austria na naging mamamayan ng Britanya; ang ilan sa mga *logical positivists* ay tubong Austria at Alemanya na naging mamamayan ng Amerika (subalit si Frege ay nanatiling isang Aleman). Ikalawa, unang yumabong ang PA sa mga bansang Amerika at Britanya. Mayroon ding mga taga-Asya na kinikilala bilang magagaling na pilosopong analitiko. Ang isang halimbawa ay ang Haponesang si Hide Ishiguro, na isang dalubhasa sa pilosopiya ni Wittgenstein.

Sa mga pangyayaring itinuturing na kritikal sa pag-usbong ng PA, dalawa ang kalimitang itinatangi: una, ang tinatawag na ‘pagbaling sa wika’ (*linguistic turn*); ikalawa, ang tinatawag na ‘rebelyon laban sa Hegelyanismo.’ Bukod sa mga ito, ang isa pang pangyayari, ang pag-unlad ng komputer ay kritikal din sa pagyabong ng PA sa larangan ng pilosopiya ng isip—ang dominanteng sangay ng pilosopiya sa tradisyon ng PA sa kasalukuyan.<sup>30</sup>

---

<sup>26</sup> Beaney, “The Historiography of Analytic Philosophy,” in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy*, 42-46.

<sup>27</sup> Ibid.

<sup>28</sup> Ibid.

<sup>29</sup> Ibid.

<sup>30</sup> John Searle, “The future of philosophy,” *Philosophical Transactions of The Royal Society B: Biological Sciences* (1999), 2069-2080.

### Ang Pagbaling sa Wika

Ayon kay Hacker, ang pananalitang “*linguistic turn*” ay unang ginamit ni Gustav Bergman, na isang miyembro ng *logical positivism*, sa kanyang pagsusuri sa akda ni Strawson na pinamagatang *Individuals* noong 1960.<sup>31</sup> Ito ay ginamit din ni Richard Rorty bilang pamagat ng kanyang antolohiya (*The Linguistic Turn: Recent Essays in Philosophical Method*) ng mga piling sulatin ng mga pilosopong analitiko noong 1967. Ang pagbaling sa wika ay isang kritikal na kaganapan o yugto sa kasaysayan ng PA. Ika nga ni Dummett, isang dalubhasa sa pilosopiya ni Frege: “... *analytical philosophy was born when the ‘linguistic turn’ was taken.*”<sup>32</sup> Ang mga kontemporaryong pilosopong analitiko, subalit, ay may konting pagtatalo sa kung sino talaga ang nanguna sa kaganapan ng pagbaling sa wika. Para kay Dummett, ito ay pinangunahan ni Frege sa kanyang aklat na *Die Grundlagen der Arithmetik (Foundations of Arithmetic)*.<sup>33</sup>

Para kay Hacker, na isa namang dalubhasa sa pilosopiya ni Wittgenstein, ang pagbaling sa wika ay pormal na pinangunahan ni Wittgenstein sa kanyang *Tractatus Logico-Philosophicus*. Sabi ni Hacker “‘*All philosophy*’, Wittgenstein wrote, ‘is a “critique” of language.’ This remark heralds the linguistic turn in twentieth-century philosophy.”<sup>34</sup> Ayon kay Hacker, bagamat si Frege nga ang nauna sa pagbaling sa wika, ginawa ito ni Frege sa konteksto lamang ng kanyang pagsisiyasat sa pundasyon ng matematika. Ang pagbaling sa wika ni Wittgenstein ay naganap sa konteksto ng pagsusuri ng mga tradisyonal na mga problema sa pilosopiya. Kung ang pagbaling sa wika ni Frege ay kaugnay lamang ng pilosopiya ng matematika, ang pagbaling sa wika ni Wittgenstein ay kaugnay ng pilosopiya sa kabuuan. Mapapansing parehong tama sina Dummett at Hacker, nagkaiba lamang sila sa konteksto ng pagsasaalang-alang sa naturang kaganapan. Tama si Dummett na si Frege nga talaga ang nauna ngunit sa konteksto lamang ng pilosopiya ng matematika; at tama rin si Hacker na si Wittgenstein ang nauna sa konteksto ng pilosopiya sa pangkalahatan.

Sa kabilang banda, hindi rin maipagkakaila ang mga mahahalagang kontribusyon sa pangyayaring ito nina Russell at Moore, na nauna pa kay Wittgenstein at halos kasabayan ni Frege. Ang “*theory of definite descriptions*” ni Russell ay, sa katunayan, isa na ring pagbaling sa wika, sa konteksto ng lohika at metapisika. Gayun din ang pamamaraan ng pagsusuri ni Moore sa

---

<sup>31</sup> Peter Hacker, “The Linguistic Turn in Analytic Philosophy,” in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy*, 926-947.

<sup>32</sup> Michael Dummett, *The Origins of Analytical Philosophy* (London: Duckworth, 1993), 4.

<sup>33</sup> *Ibid.*, 14.

<sup>34</sup> Hacker, “The Linguistic Turn in Analytic Philosophy,” 932.

mga problemang pilosopiko sa mga larangan naman ng metapisika at etika (ang kanyang tanyag na *naturalistic fallacy* at *views of common sense*). Sa mga konsiderasyong ito, mainam na sabihin na ang *pagbaling sa wika* na nagbigay-daan sa pag-usbong ng PA ay sinimulan, sa iba't ibang kaparaanan, nina Frege, Russell, Wittgenstein, at Moore.

Subalit, ano ba itong kaganapang pagbaling sa wika? Sa paliwanag ni Dummett, "*What distinguishes analytical philosophy, in its diverse manifestations, from other schools is the belief, first, that a philosophical account of thought can be attained through a philosophical account of language, and, secondly, that a comprehensive account can only be so attained.*"<sup>35</sup> Ayon kay Dummett, ang pagbaling sa wika ay ang pagsusuri sa wika bilang natatanging pamamaraan ng pagsusuri sa kaisipan. Maaalala na ang mga sinaunang pilosopo ay sinusuri ang mga bagay sa mundo sa pamamagitan ng direktong pagsusuri ng mga katangian ng mga bagay na ito. Pagdating ng modernong panahon ng kasaysayan ng pilosopiya na pinangunahan ni Descartes, nagkaroon ng 'pagbaling sa kaisipan,' kung saan ang pagsisiyasat sa mga bagay sa mundo ay ginawa sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga kaisipan tungkol sa mga bagay na ito. Ang pagbaling sa wika, sa kontekstong ito, ay isang pagbaling mula sa diskurso ng mga kaisipan tungo sa diskurso ng wika sa pagsisiyasat sa kalikasan ng mundo o ng mga bagay na umiiral dito.

Ang pagbaling sa wika ay nagbunga sa pag-usbong ng *pilosopiya ng wika* bilang isang natatanging sangay ng pilosopiya. Kaugnay nito, naganap ang 'pagbaling sa wika' sa dalawang direksyon, na humantong sa dalawang tradisyon sa loob ng pilosopiya ng wika: ang una ay humantong sa tinatawag na 'pilosopiyang pangwikang-ideyal' ("*ideal language philosophy*"); at ang ikalawa ay humantong sa 'pilosopiyang pangwikang-ordinaryo' ("*ordinary language philosophy*"). Nakatuon ang unang direksyon sa ugnayan ng wika at mundo (o ng ugnayan ng mga pananalita sa mga pangyayari sa mundo); samantala nakatuon naman ang ikalawang direksyon sa ugnayan ng mga taong gumagamit ng wika at ng wika (o ng ugnayan ng mga pananalita sa mga intensyon, kaisipan, at kasunduan ng mga tao).

Ang kaganapang pagbaling sa wika sa unang direksyon ay pinangunahan ni Frege, at unang sinundan at pinalakas nina Russell at Wittgenstein. Ang pagbaling sa wika sa kontekstong ito ay nangyari dahil sa paniniwalang makikita o matatagpuan sa wika ang estruktura ng mundo. Ang punto ay ang lohikal na estruktura ng wika ay sinasalamin ang estruktura ng mundo, kung saan hango ang mga batas na lohika, na siya namang pinaniniwalaang batayan ng matematika. Ating bigyan ng karagdagang paliwanag ito sa mga sumusunod.

---

<sup>35</sup> Dummett, *The Origins of Analytical Philosophy*, 4.

Si Frege ay abala sa pundasyon ng matematika, kung saan ang ilan sa mga kritikal na katanungan ay kung saan hango ang mga batas ng matematika at kung anong uri ng mga bagay ang mga numero. May tatlong nagtutunggaling posisyon hinggil dito. Ang una ay ang konseptwalismo, na tinatawag din na intuwisyanismo, na ipinapalagay na ang mga batas ng matematika at mga numero ay mga konstruksyon lamang ng ating isip. Ito ang posisyon nina Kant at Brouwer. Ang ikalawa ay ang kombensyonalismo, na tinatawag din na pormalismo, na ipinapalagay na ang mga batas na matematika, tulad ng mga batas ng mga laro, ay hango lamang sa mga kasunduan ng mga tao; at ang mga numero ay pawang mga simbolo lamang na ang gamit ay ginagabayan ng mga napagkasunduang batas. Ang isang tagapagsulong nito ay si David Hilbert. Ang ikatlo ay ang realismo, na tinatawag din na Platonismo, na ipinapalagay na ang mga batas ng matematika ay hango sa estruktura ng mundo at ang mga numero ay mga abstraktong bagay na umiiral sa mundo.

Ang Platonismo ay mga iba't ibang bersyon. Ang isang bersyon ay ang tinatawag na logisismo, na siyang isinusulong nina Frege, Russell, at Wittgenstein. Ayon sa logisismo, ang mga batas ng matematika ay hango sa mga batas ng lohika, na hango naman sa estruktura ng mundo. Ang mga batas ng lohika ay malalaman sa pagsusuri ng lohikal (kaiba sa gramatikal) na estruktura ng wika; kung kaya para malaman ang mga batas ng lohika, kailangang siyasatin ang lohikal na estruktura ng wika. Ito, sa pangkalahatan, ang pagbaling sa wika na naganap sa usaping ito.

Ang logisismo ni Frege ay isang reaksyon sa isa pang uri ng Platonismo, ang tinatawag na sikolohismo. Ayon naman sa sikolohismo, malalaman natin ang estruktura ng mundo sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa estruktura ng ating isip. Ang isang unang tagapagsulong ng sikolohismo ay si Edmund Husserl, ang tinaguriang ama ng penomenolohiya. Subalit nang batikusin ni Frege ang sikolohismo (sa punto na ito ay mauwi sa pagkasubhektibismo ng matematika), si Husserl di-umano'y nakumbinsi at naging isang kritiko rin, tulad ni Frege, ng sikolohismo. Subalit si Husserl ay hindi bumaling sa wika tulad ni Frege. Si Husserl ay nanatili sa diskurso ng kaisipan at kamalayan, ngunit para maiwasan ang subhektibismo bumuo siya ng isang metodolohiya na tinawag niyang penomenolohiya (kung saan hinihiwalay ang mga subhektibong elemento ng kamalayan sa mga obhektibong elemento nito).

Ang pagbaling sa wika naman na pinangunahan ni G.E. Moore, na sinundan nina Wittgenstein, Austin, at Searle, ay nangyari sa konteksto mismo ng pilosopiya sa pangkalahatan. Sa kontekstong ito, ang pagbaling sa wika ay isang pagbabago sa pamamaraan ng pagtuklas ng katotohanan. Kung sa unang direksyon ang sinusuri ay ang lohikal na estruktura ng wika at ang ugnayan ng wika sa mundo; sa ikalawang direksyon ang sinusuri ay



ang mga ordinaryong gamit ng wika at ang ugnayan ng wika sa mga taong gumagamit nito. Sa pananaw ni Moore, ito ay ang paggamit ng wika na hindi taliwas sa ating pang-araw-araw na paniniwala o ang tinatawag niyang "*views of common sense*." Sa pananaw ni Wittgenstein, ito ay ang paggamit ng mga salita ayon sa mga batas ng mga larong-wika o *language-games*. Sa konteksto naman nina Austin at Searle, ito ay ang paggamit ng wika ayon sa mga kondisyon ng mga wikang pangkilos o ang tinawag nilang *speech acts*.

### Ang Rebelyon laban sa Hegelianismo

Noong ika-19 na siglo, malakas ang naging impluwensya ng Hegelianismo sa mundo ng pilosopiya. Sa katunayan, ang pag-usbong ng mga pangunahing kontemporaryong tradisyong pampilosopiko ay maipapakita bilang mga iba't ibang reaksyon sa Hegelianismo. Halimbawa, ang dialektikong materyalismo ng Marksismo ay isang reaksyon sa Hegelianismong pananaw na ang mga pangyayari sa kasaysayan ay bunga ng mga pangyayari sa kamalayan. Ang subhektibong at pang-indibidwal na katotohanan na isinulong ng eksistensyalismong pilosopiya ni Kierkegaard ay isang reaksyon sa obhektibong at pangkolektibong katotohan ng Hegelianismo. Ang pragmatismo ni William James ay isang reaksyon sa absolutismong metapisika ng Hegelianismo. At ang mga analitikong metapisika nina Russell at Moore ay mga reaksyon sa idealismong metapisika ng Hegelianismo—na isinulong ng kanilang mga guro at kasamahang nagtuturo na sina McTaggart at Bradley.

Parehong isinulong nina Russell at Moore, laban sa idealismo ng Hegelianismo, ang pag-iral ng mga bagay na nararanasan sa mundo, magkaiba nga lang ang naging pamamaraan nila. Ang pamamaraan ni Russell ay lohika at agham; samantala ang kay Moore ay ang mga pangkaraniwang kaalaman. Tinawag ni Russell ang kanyang metapisika na "*logical atomism*," na isang pluralismong metapisika, na ang paniwala ay ang mundo ay binubuo ng maraming partikular na mga simpleng bagay. Ito ay laban sa monismong metapisika ng Hegelianismo, na ang paniwala ay ang totoong umiiral ay isang entidad lamang, ang tinatawag na *Absolute*. Ang metapisika naman ni Moore ay binubuo ng tinawag niyang "*views of common sense*," na mga paniniwala sa pananaw ng karaniwang kaalaman o pang-araw-araw na buhay. Ito naman ay laban sa abstraktong katotohanan ng Hegelianismo na inaakalang hindi totoo ang mga partikular na bagay at pangyayari sa konkretong mundo.

Parehong ginawa nina Russell at Moore ang kanilang mga pagsusuri sa metapisika sa masusing pagsasaalang-alang sa wika—sa wika ng lohika at agham para kay Russell at sa wika ng karaniwang kaalaman para kay Moore. Sa halip na talakayin nila ng direkto ang mga bagay sa mundo, ang kanilang

sinuri ay ang wikang ginagamit sa pagtalakay sa mga ito. Halimbawa, pinakita ni Russell ang kahinaan ng paniniwala sa mga ilang abstraktong entidad sa pamamagitan ng lohikang pagsusuri sa pagkakaiba sa kahulugan ng mga “*proper names*” at ng “*definite descriptions*.” Ipinakita naman ni Moore ang pagkataliwas ng mga ilang metapisikong paniniwala sa ordinaryong wika na ating ginagamit. Halimbawa, ang paniniwala na hindi totoo ang oras ay taliwas sa pagsabi na “nag-agahan ako kanina,” at ang paniniwalang di-umiiral ang mga pisikal na bagay ay taliwas sa pagsabi na “ako ay may mga kamay.” Dahil dito, ang pagrebelde laban sa Hegelyanismo nina Russell at Moore ay, sa katunayan, bahagi rin ng pagbaling sa wika. Ang pagrebelde ni Russell, sa partikular, ay nagsulong ng tradisyon ng pilosopiyang pangwikang-ideyal at ang pagrebelde naman ni Moore ay nagsulong ng tradisyon ng pilosopiyang pangwikang-ordinaryo sa larangan ng pilosopiya ng wika.

### Ang Pag-unlad ng Kompyuter

Ang pag-usbong at pag-unlad ng teknolohiya ng kompyuter ay nagbigay ng panibagong direksyon sa PA. Sa partikular, ito ay nagbigay-daan sa pag-usbong at pagyabong ng larangan ng pilosopiya ng isip. Ang nakamamangha dito ay ang taong nagbigay-daan sa pag-usbong ng teknolohiyang ito ay siya ring nagbigay ng direksyon sa pamimilosopiya tungkol sa teknolohiyang ito: si Alan Turing (na isa ring bayani noong Ikalawang Pandaigdigang Digmaan). Ang isa pang nakamamangha ay tulad nina Frege, Russell, at Wittgenstein, si Turing ay nagsimula rin sa pagsusuri ng mga pampundasyong katanungan sa matematika. Subalit kung sina Frege, Russell, at Wittgenstein ay nakatuon sa mga katanungan tungkol sa metapisika ng mga numero at batas pang-matematika, si Turing naman, kasama si Kurt Gödel, ay nakatuon sa mga katanunang may kinalaman sa mga katangiang pangsistema ng matematika: ang pagiging pagkaka-ayon (*consistent*), kumpleto (*complete*), at natitiyak (*decidable*) ng sistemang ito.

Si Turing ay tumutok sa katanungang hinggil sa pagkanatitiyak ng sistema ng matematika, kung saan naging hamon sa kanya ang sagutin ang kaugnay na tanong ng matimatikong si David Hilbert na: *mayroon bang isang epektibong pamamaraan para malaman kung masasagot ang anumang problemang matematiko?* Sinagot ito ni Turing sa pamamagitan nang inisip niyang makinang nagkakalkula, na naging batayan sa kalaunan ng pangkalahatang disensyo (*blueprint*) ng *digital* na kompyuter.<sup>36</sup> Pagkatapos nito, inusisa ni

---

<sup>36</sup> Alan Turing, “On Computable Numbers with an Application to the Entscheidungsproblem” in *Proceedings of the London Mathematical Society*, 2:42 (1936), 230-65.

Turing kung maituturing na intelihente ang isang makinang nagkakalkula<sup>37</sup>; at ang kanyang pamamaraan ng pagtugon sa katanungang ito (ang tinaguring Turing *test*) ay nagbigay-daan sa pagtataguyod ng agham pangkompyuter (*computer science* at ang sangay nitong agham ng *artificial intelligence*) at ng pamimilosopiya tungkol dito (sa multi-disiplinaryong larangan ng *cognitive science*). Tuluyang umunlad at naitaguyod ang pilosopiya ng isip nang gumawa ng mga pagsusuri ang mga sumunod na pilosopong analitiko sa mga palagay ng mga siyentista sa larangang ito, lalung-lalo na tungkol sa di-umano'y kalikasan ng isip ng tao bilang isang sopistikadong kompyuter. Ang usaping ito ay patuloy na lumalaganap sa loob at labas ng akademya (sa larangan ng mga pelikula, pansinin, halimbawa, ang karaniwang tema ng mga kontemporaryong pelikulang *sci-fi*).

### Konklusyon

Makikita ang kahalagahan ng PA sa malawak at malalim na impluwensya at ambag nito sa pag-unlad ng mga usapin sa pilosopiya at sa iba pang mga larangan ng karunungan. Sa loob ng disiplina ng pilosopiya, ang impluwensyang ito ay makikita sa dami ng mga departamento ng pilosopiya at samahan na nagsusulong nito, at sa dami ng mga sangay ng pilosopiya at temang pilosopiko kung saan ito ang pangunahing oryentasyong pampilosopiko. Sa labas naman ng disiplina ng pilosopiya, makikita ang impluwensyang ito sa bilang ng mga ibang disiplina kung saan ang mga teorya at kaisipan ng mga pilosopong analitiko ay nagsisilbing mga perspektibo. Makikita naman ang mga layunin at motibasyon ng PA sa kasaysayan nito. Ang mga katangiang bumubuo dito at ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa pag-usbong at pagyabong nito ay malalim na nakaugat sa kasaysayan ng pilosopiya. Ang mga katangian at pangyayaring ito ang siyang nagbibigay ng natatanging identidad sa PA bilang isang tradisyong pampilosopiko. Ang identidad na ito, subalit, ay patuloy na lumalawak sa takbo ng panahon; at ito ay dala ng katangian nitong isaalang-alang ang mga bagong kaalamang natutuklasan, napatutunayan, at patuloy na sinasaliksik sa iba't ibang larangan ng kaalaman, lalung-lalo na sa agham at matematika.

*Department of Philosophy, De La Salle University, Philippines*

---

<sup>37</sup> Turing, "Computing Machinery and Intelligence" in *Mind*, New Series 59:236 (1950), 433-460.

## References

- Anderson, Michael and Susan Leigh Anderson, *Machine Ethics* (Cambridge: Cambridge University Press, 2011).
- Beaney, Michael, "What is Analytic Philosophy?" in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy* (Oxford: Oxford University Press, 2013) Epub Edition.
- \_\_\_\_\_, "The Historiography of Analytic Philosophy" in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy* (Oxford: Oxford University Press, 2013).
- Dancy, Jonathan, "Meta-ethics in the Twentieth Century" in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy* (Oxford: Oxford University Press, 2013).
- Dancy, Jonathan and Constantine Sandis, eds., *Philosophy of Action: An Anthology* (Oxford: Wiley-Blackwell, 2015).
- Driver, Julia, "Normative Ethical Theory in the Twentieth Century" in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy* (Oxford: Oxford University Press, 2013).
- Dummett, Michael, *The Origins of Analytical Philosophy* (London: Duckworth, 1993).
- Føllesdal, Dagfinn, "Analytic Philosophy: What It Is and Why Should One Engage in It?" in *The Rise of Analytic Philosophy*, ed. by Hans-Johann Glock (Oxford: Blackwell, 1999).
- Frege, Gottlob, *The Foundations of Arithmetic*, trans. by J. L. Austin (Oxford: Blackwell, 1953).
- Gaskin, Richard, "When Logical Atomism Met the Theaetetus: Ryle on Naming and Saying" in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy* (Oxford: Oxford University Press, 2013).
- Glock, Hans-Johann, *What is Analytic Philosophy?* (Cambridge: Cambridge University Press, 2008).
- Griffin, Nicholas, "Russell and Moore's Revolt against British Idealism" in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy* (Oxford: Oxford University Press, 2013).
- Hacker, Peter, "The Rise of Twentieth Century Analytic Philosophy" in *The Rise of Analytic Philosophy* ed. by (Oxford: Blackwell, 1997).
- \_\_\_\_\_, "The Linguistic Turn in Analytic Philosophy" in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy*, ed. by Hans-Johann Glock (Oxford: Oxford University Press, 2013).
- Lamarque, Peter, "Analytic Aesthetic" in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy* (Oxford: Oxford University Press, 2013).

- Lamarque, Peter and Stein Haugom Olsen, eds., *Aesthetic and the Philosophy of Art: The Analytic Tradition: An Anthology* (Oxford: Wiley-Blackwell, 2003).
- Marmor, Andrei and Alexander Sarch, "The Nature of Law," *Stanford Encyclopedia of Philosophy* (7 August 2015), ed. by Edward N. Zalta, <<https://plato.stanford.edu/entries/lawphil-nature/>>.
- Miller, Alex, *Philosophy of Language* (New York: Routledge, 2007).
- Reck, Erick, "Developments in Logic: Carnap, Gödel, and Tarski" in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy* (Oxford: Oxford University Press, 2013).
- Schwartz, Stephen, *A Brief History of Analytic Philosophy: From Russell to Rawls* (Oxford: Wiley-Blackwell, 2012).
- Searle, John "The future of philosophy," *Philosophical Transactions of The Royal Society B: Biological Sciences* (1999), 2069-2080.
- Simons, Peter, "Metaphysics in Analytic Philosophy" in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy* (Oxford: Oxford University Press, 2013).
- Soames, Scott, *Philosophy of Language* (Princeton: Princeton University Press, 2010).
- Tappenden, Jamie, "The Mathematical and Logical Background to Analytic Philosophy" in *The Oxford Handbook of the History of Analytic Philosophy* (Oxford: Oxford University Press, 2013).
- Turing, A., "Computing Machinery and Intelligence" in *Mind*, New Series, 59:236 (1950).
- \_\_\_\_\_, "On Computable Numbers with an Application to the Entscheidungsproblem" in *Proceedings of the London Mathematical Society*, 2:42 (1936).
- Wolf, Michael, "Philosophy of Language," *Internet Encyclopedia of Philosophy*, <<https://www.iep.utm.edu/lang-phi/>>.